

1

“Damn it!”

Padabog na inihagis ni Logan ang morning newspaper sa center table, sa harap ng kapatid na si Louvel. Itinirik naman ng dalaga ang dalawang mata at binale-wala ang galit ng nakatatandang kapatid.

“Nakita mo ang eskandalong ginagawa niyang boyfriend mo?”

“Kuya...”

“Bakit ba kasi kailangan mo pang magpakasal diyan sa lalaking iyan? So what if you’re pregnant? Kayang-kaya kitang suportahan pati na iyang dinadala mo!”

“We’re not having this conversation again, Kuya! Kahit ilang ulit kong i-explain sa iyo ang side ko, hindi mo rin maiintindihan!”

“Because you’re being unreasonable! Ano ba kasi ang nakita mo diyan sa lalaking iyan at patay na patay ka?”

“Mahal ko siya! Nagmamahalan kami!”

“Nagmamahalan?” Dinampot nitong muli ang dyaryo at nanggigigil na itinuro ang picture ni Ace, ang nobyo ng kapatid niya. As usual, headline na naman sa showbiz page ang pagiging palikero nito. “Then, how will you explain that? Pang-ilan na ba ang starlet na iyan na na-link sa boyfriend mo? You call that love? That man is an opportunistic womanizer!”

“Kuya!” hindik na bulyaw ni Louvel. Pero hindi siya nagpaawat.

“At ano itong naririnig ko na may babaeng balak daw manggulo sa kasal ninyo? I told you, Louvel, I won’t have that kind of scandal!”

Tumayo ang dalaga at dinuro siya. “Alam mo, ang hirap sa ’yo, masyado kang nagpapaniwala sa chismis. And to think na isa kang matalinong tao!” Tinitigan siya nito nang masama. “Ace is a model! Natural lang na maraming babaeng dumidikit sa kanya. But it’s nothing personal. It’s just part of his job!”

“At naniwala ka naman?”

“Bukas ang mga mata ko nang mahalin ko si Ace. At inihanda na niya ako sa ganitong mga intriga. And yes, I trust him! Dahil ilang ulit na rin niyang pinatunayan sa aking mahal niya ako! Wala siyang ibang babae, ako lang! And I believe him!

“Ngayon, kung napakahirap sa iyong pagkatiwalaan ang lalaking mapapangasawa ko, fine! Hindi ko naman talaga ine-expect na maiintindihan mo dahil masyadong sarado iyang puso mo. But don’t interfere with what I want, Kuya. Kung ayaw mong kalimutan kong kapatid kita!” Pagkasabi niyon ay tumalikod ito at nagtuloy sa labas. Kamuntik pa nitong mabunggo ang best friend niyang si Ned.

Takang sinundan nito ng tingin ang dalaga at pagkatapos ay siya.

“Nag-away na naman ba kayo ng kapatid mo?”

He groaned helplessly. “Why can’t I put some sense into her?”

Napatawa ito. “Pare, Lou’s in love! Kahit ano’ng sabihin mo, she won’t see any sense.”

“But she’s making a big mistake! Masasaktan lang siya kapag nagpakasal siya sa Ace na iyon.”

Tumaas ang isang sulok ng bibig nito in amusement.

“Maybe. Maybe not. Bakit ba parang siguradong-sigurado ka na hindi siya magiging masaya?”

“That man is an opportunist!”

“Really? Kaya ba tinanggihan niya ang three-million peso check na isinuhol mo para layuan niya si Lou?”

Umilap ang kanyang mga mata. “That’s just because baka naisip niyang mas malaki ang perang mapapasakanya kapag mag-asawa na sila ni Lou.”

Napangiwi ito. “I don’t know. Pero sa tingin ko, seryoso naman talaga si Ace sa kapatid mo.”

“Thank God for allies!” biglang singit ni Lou na nakatayo sa paanan ng hagdanan. Binigyan nito ng matamis na ngiti si Ned at isang irap sa kanya bago ito umakyat.

Muling napatawa ang kanyang kaibigan. Tinitigan niya ito nang masama. Tinapik lang siya nito sa balikat.

“Pare, lighten up! Bakit hindi mo na lang hayaan ang kapatid mo sa gusto niya? Kung doon siya masaya, wala na tayong magagawa.”

Hindi kumibo si Logan.

“Teka nga muna, ano ba’ng tungkol kay Ace ang pinag-awayan n’yo na naman?”

“Hayan,” Inginuso niya ang dyaryo na nakabukas pa sa showbiz page. “Ibang babae naman ngayon ang

nali-link sa...” He left the sentence hanging. Hindi niya magawang sabihin ang adjective na gusto niyang ikabit sa pangalan ni Ace.

“Hmm... Hindi ko alam na nagbabasa ka na rin pala ng showbiz tsismis ngayon.”

Tiningnan niya nang masama ang kaibigan. “Get serious, Ned.”

“Naniniwala ka sa ganitong publicity? Halata namang wala na lang maisulat ang reporter.”

“Huwag mong sabihing pati ikaw ay naniniwala ring sincere ang lalaking iyan sa kapatid ko?”

“Logan, Pare, parang kapatid ko na rin si Louvel. Pero tingin ko talaga, nagiging way out of the line ka na. Masyado ka nang paranoid! Isipin mo, pina-background check mo na iyong tao. ’Tapos, pinasundan mo pa sa isang tauhan mo. Wala ka namang natuklasang kakaiba, di ba? Ano ba talaga ang inaayaw mo kay Ace?”

Ano nga ba?

Dahil ba galing lang ito sa isang pamilyang average earner? Dahil ba hindi nito nagawang tapusin ang pag-aaral sapagkat mas pinili nitong magtrabaho na lang para makatulong sa mga magulang? Or was

it the fact na ang pagmomodelo ang pinili nitong propesyon, something na kino-consider niyang isang no-brainer job?

Maybe all of the above.

Sino'ng niloloko mo, Logan? anang isang bahagi ng isip niya.

Cynical si Logan when it came to other people na lumalapit sa pamilya niya. Sino nga ba ang hindi kung nagkalat ang mga oportunistang sa paligid? Mahirap nang maulit ang nangyari sa daddy niya na inatake sa puso dahil iniwan ng stepmother niya. He married a social climber who robbed him of his fortune then went away with another man. Ni hindi man lang nito inisip ang iniwang anak na limang taon pa lamang.

Kinse anyos siya noon at ga-graduate pa lang ng high school. At dahil naisanla lahat sa bangko ang ari-arian nila ay kinailangan niyang magtrabaho para may maipantawid-gutom lang silang magkapatid. Those first years weren't easy. Kulang na lang ay mamalimos siya huwag lamang magutom si Louvel. Minsan na rin niyang inisip na iwan muna ito sa isang ampunan, pero pinigil siya ng pagmamahal dito.

It was just luck na may nakadiskubre sa talent niya sa art. Nakapasok siya bilang part-time cartoonist

sa isang big-time animation studio. Nagawa niyang makapagtapos ng Computer Engineering. And later, ginamit niya ang kanyang talent sa art at ang kaalaman niya bilang isang software engineer para makabuo ng isang computer game na pumatok hindi lamang sa mga local PC users kundi maging sa abroad.

Siya ang developer ng *Ghost Hunter*, isang mystery/adventure computer game na tungkol sa isang binatilyo na inatasan ng isang underground government organization para mag-imbetiga sa mga krimen na may kinalaman sa paranormal activity. He developed it para maging compatible sa mga video game console ng *Microsoft, Sega, Sony* at *Nintendo*. At sa kasalukuyan ay balak na rin nilang mag-introduce ng sarili nilang game console, ang *Virtual Play*.

He became successful, all right. Pangatlo ang pangalan niya sa Philippines' richest. At kasabay niyon ay ang pagsusulputan din ng mga taong nais magsamantala.

Hindi na mabilang ang mga babaeng dumikit sa kanya at bukas-matang nag-alok ng sarili sa pag-asang mapabilang sa pamilya niya. Hindi siya tuod upang tumanggi sa grasya at lalaki lang siya para hindi matukso. Pero hindi siya tanga para kumagat

sa pain. He could see right through a person. Kaya wala siyang problema sa sarili niya. Pero kay Louvel...

Hindi niya masisi ang kapatid kung mag-crave man ito ng attention sa ibang tao. She was too young when their father died and her mother left her. At wala naman siyang sapat na kaalaman noon kung paano mag-alaga ng bata. He became an occasional father figure when she was growing up dahil naging abala siya sa pagpapaunlad ng kanyang negosyo. At ngayong kaya na niyang bigyan ito ng atensyon, naging malayo na ang loob nito sa kanya.

Wala siyang problema kay Louvel. Matalino ito at responsable. Iyon nga lang, she could easily be manipulated by people who fed on her feelings. In short, madali itong mauto. He had been successful warding off suitors and scheming boyfriends before. At kahit maraming beses silang nagtalo ng babae dahil sa pakikialam niya sa love life nito, sa huli ay siya pa rin ang nasunod.

But not this time. She got smart enough to get pregnant. Kaya wala na rin siyang nagawa nang sabihin nitong magpapakasal ito sa nobyo.

“I hate to say this, Logan. But I think you got it wrong this time. Tanggapin mo na lang na nagmamahalan talaga sina Lou at Ace. Just be happy

for them,” untag ni Ned.

He just scoffed.

*“You’re my superhero; Save me from this sorrow;
Sweep me off my feet and fly me away...”*

“Miss, excuse me.”

*“You are my McDreamy; You’re my own McSteamy;
Brad Pitt and George Clooney don’t stand a chance...”*

“Miss...”

“You’re my one and only true romance...”

“Miss!”

Muntik pang mapasigaw si Florence nang makita ang babae sa harapan niya. Kaagad niyang ini-off ang MP3 at inalis ang earphones. Abala siya sa pag-aayos ng isang flower bouquet habang sinasabayan ang awitin ni Regine Velasquez.

“N-naku... pasensya na po kayo.” Napakamot siya ng ulo. Kabilin-bilinan pa naman ng amo niya na huwag paghihintayin ang customer. “S-sorry po talaga.”

Napahagikgik ang babae. Sa hitsura nito ay

mukhang hindi ito nalalayo sa edad niyang beinte-cuatro. She looked kind and amiable.

“Okay lang iyon, Miss. Nag-enjoy naman ako sa kanta mo. You really have a sweet voice.”

Nahihiyang napatungo siya. “S-salamat. Ano nga pala ang maipaglilingkod ko sa ’yo?”

“Ah, kasi ni-recommend ng isang friend ko itong flower shop ninyo.” Magkausap sila nang biglang pumasok ang isang guwapong lalaki sa pinto. Kaagad itong lumapit sa kanyang kausap at umakbay.

“Hello, Honey,” bati nito na binigyan pa ng isang halik ang dalaga. Malalagkit ang mga titig nito sa kaakbay. “Kanina ka pa ba?”

Hindi mapigilan ni Florence ang mainggit. Perfect pair kasi ang dalawa at halatang in love na in love sa isa’t isa. At noon lang niya napansin na pamilyar sa kanya ang mukha ng mga ito.

“Nope, kararating ko lang din. Mabuti’t wala kang appointment ngayon?” tanong ng babae.

“Kahit naman mayr’on, kailan ba ako tumanggi sa ’yo?” malambing na sagot ng binata.

Parang gusto muna niyang magtago sa ilalim ng mesa. Daig pa ng dalawa ang bubuyog at bulaklak

sa sweetness.

Tumikhim siya para kunin ang atensyon ng mga ito.

“Oh, I’m sorry! Ako nga pala si Louvel Mercado. Ito naman ang boyfriend ko.”

“Ace Pineda,” nakangiting pakilala ng binata.

Natutop ni Florence ang bibig. “Ikaw iyong... iyong sikat na model na ikakasal d’un sa kapatid ng multimillionaire na may-ari ng *Luminar*?”

Lumapad ang pagkakangiti nito. “Yup. Ako nga. At ito’ng magandang babaeng ito ang tinutukoy mong magiging asawa ko.” He draped a hand over the girl’s shoulder proudly.

“OMG!” Hindi na niya naitago ang kilig sa katuwaan naman ng pareha. “Naku, congratulations! Bagay na bagay kayong dalawa!” hindi niya mapigilang naibulalas.

“Salamat.” Si Louvel ang sumagot. “Kaya nga pala kami narito dahil gusto naming kunin ang serbisyo nitong flower shop ninyo para sa wedding namin.”

Kulang na lang ay tumalon na siya sa tuwa.

2

Ang marangyang kasalan ay ginanap sa *Cebu Metropolitan Cathedral*. Deep red ang motif ng ikakasal—the color of strength, power, intense emotion and love.

Nakalatag ang isang red carpet sa aisle. Ang magkabilang gilid ay nalalatangan ng white rose petals. Sa bawat ikalimang pew ay may nakatindig na seven feet tall, half inch diameter stainless steel rod kung saan nakakabit sa ibabaw ang pomander o flower ball na yari sa red passion roses na nilagyan pa ng diamonds ang pinaka-bud, white bridal gladioli at bear grass loops. May naka-drape na white tulle na nag-uugnay sa bawat steel rod na inadornohan naman ng isang single deep red rose bud.

Sa harap ng altar ay may inilagay silang mga potted plants at wooden columns na pinalibutan ng green vines at sa ibabaw ay floral balls din na may kaparehong yari katulad ng naka-decorate sa mga pews. Kahit ang bridal bouquet, corsage at boutonniere ay yari rin sa pinagsamang red rose at white gladioli.

Nakangiting pinagmasdan ni Florence ang

kanyang obra maestra.

Ang ikakasal mismo ang pumili ng flower combination at designs. The decoration was simple yet it expressed the romantic and elegant mood which the couple requested.

Siguradong magugustuhan nina Louvel at Ace ang ginawa niya.

“Hello!”

Napalingon siya sa taong nagsalita. Nakatayo sa harapan niya si Ace, gorgeous in his black tuxedo.

“Hi!” For a moment, she became speechless.

Naging crush na niya ang modelo mula noong makita niya ito sa isang TV commercial. At hindi pa rin nawawala ang pagka-starstruck niya rito.

“Ang galing mo, ah. Ang ganda ng decorations.”

“Naku, wala iyon. Maganda rin kasi ang napili ninyong combination, kaya madali na lang sa akin na gawan siya ng theme.”

“Salamat. I’m sure, matutuwa rin si Louvel. By the way, pauwi ka na ba? Why don’t you stay and watch? At saka, sumama ka na rin sa reception.”

“H-ha?” Hindi makapaniwalang tinitigan niya

ang lalaki. Wala naman sa hitsura nito ang nagbibiro. “Naku, salamat na lang. Pero... manonood na lang ako. Hindi kasi bagay ang suot ko sa reception ninyo.” Tiningnan niya ang simpleng off-shoulder baby pink summer dress na suot.

“Eh, ano naman? At saka, kaibigan ka na namin ni Lou. I’m sure she’ll be happy to see you there.”

She was deeply touched. Pero kahit gusto niya talaga, alam niyang alangan siya sa pagtitipong iyon.

“Salamat na lang talaga. Pero—”

“Ah, excuse me, Mr. Pineda, position na po tayo. Nasa labas na po ang bride,” singit ng wedding coordinator. Napilitan siyang iwan ni Ace.

Sinundan niya ng tingin ang papalayong lalaki na pumuwesto na sa bukana ng simbahan. Disinasadyang napatingin siya sa isang matangkad na lalaking nakatayo rin doon. Matalim ang mga matang titig na titig ito sa kanya, dahilan kung bakit nagsalubong ang kanyang mga kilay. Kung hindi pa ito tinapik ng isa pang lalaki ay hindi pa nito itutuon ang pansin palayo sa kanya.

Nagkibit-balikat siya at humanap ng mauupuan malayo sa karamihan ng mga bisita, but would still enable her to watch the bridal march. And there, she

waited in excitement.

Nang muling balikan ni Logan ng pansin ang babaeng nakita niyang kausap ni Ace kanina ay wala na ito sa kinatatayuan.

Nagdilim ang kanyang mukha. Sinasabi na nga ba niya at may itinatagong milagro itong mapapangasawa ng kanyang kapatid. Sigurado siya na ang babaeng iyon ay dating nobya ni Ace base na rin sa fondness na nakita niya sa mukha nito.

So the arrogant brute invited her, after all!

Well, kung inaakala ng dalawa na palalagpasin niya ang pagkakataong ito, then they don't really know who Logan Mercado was!

“Kuya, bakit ba kanina ka pa hindi mapakali?” tanong ni Lou na nasa tabi niya. Napakaganda nito sa corset style wedding gown. And her face was beaming.

“Nakita mo ba iyong babaeng kausap ng husband-to-be mo?” may halong sarkasmong tanong niya.

She rolled her eyes. “Marami siyang nakausap, Kuya. Sino ba ang gusto mong tukuyin?”

Inis na bumuntong-hininga na lamang siya. “Never mind.” *Kahit naman sabihin ko sa ’yo, hindi ka rin makikinig.* Sa sarili na lamang niya iyon sinabi. This was his sister’s wedding. Kahit tutol siya sa kasal na ito, ayaw pa rin niyang masira ang festive mood ng okasyon. Nor would he let anyone ruin it.

Once again, he surveyed the church interior. Hindi naman siya nabigo. Nakita niya ang hinahanap na mag-isang nakaupo sa isang pew na malayo sa karamihan. Expectant ang mukha nito.

Nagsimulang tugtugin ang isang love song na pinili ng mga ikakasal at nagsimulang magmartsa ang entourage.

Unconsciously, niluwagan ni Logan ang pagkakatali ng kurbata and grunted something. Siniko siya ni Lou sa tagiliran.

“Smile...” she hissed when it came their turn to march. Napilitan tuloy siyang ngumiti. Dagling nagtama ang mga mata nila. Kaagad itong yumuko at nagpahid ng mga mata. A frown appeared on his face. Bakit ito umiiyak?

Bigla siyang kinabahan. *I don’t like this a bit!*

Nang salubungin sila ni Ace in mid-aisle ay parang ayaw niyang ibigay rito ang kapatid. Kung

hindi pa siya tiningnan nang masama ni Lou ay hindi pa niya iaabot ang kamay nito sa mapapangasawa. He eyed Ace sharply. Derecho nitong sinalubong ang matalim na titig niya, which added to his growing irritation. Iyon ang isa pang ipinagkaiba ni Ace sa mga lalaking una nang na-involve kay Lou. Hindi ito intimidated sa personality niya.

He watched as the couple took their place in front of the altar. Siya naman ay umupo na rin sa puwestong nakalaan para sa kanya.

Habang tumatagal ang seremonya ay lalo siyang hindi mapakali. Lalo't nang minsang lumingon siya ay nakita niyang umiiyak pa rin ang ex-girlfriend ni Ace. Hindi na siya nakatiis. Walang imik siyang tumayo.

Panay ang tulo ng luha ni Florence. Panay rin ang pahid niya. She felt so silly crying over this wedding, pero hindi talaga niya mapigil. Just as she could not control this habit sa tuwing may mapapanood siyang kasal.

Eh, pakialam ba nila kung sa naiiyak ako?

She was an incurable and hopeless romantic. Hopeless dahil aminado siyang walang lalaking magkakamaling manligaw sa kanya. Hindi kasi siya

ang tipo ng babaeng maaaring ipagyabang ng isang lalaki sa mga kaibigan. Hindi nga ba't minsan na siyang nasabihang hindi maganda ng kanyang crush noong grade six siya?

Ordinaryo lang ang kanyang mga mata. Hindi malalantik ang kanyang eyelashes. Hindi rin katangusan ang kanyang ilong. Hindi rin kissable ang kanyang lips. Kung may physical attributes man siyang maipagmamalaki, iyon ay ang makinis niyang kutis na kahit hindi kaputian ay pantay naman ang kulay at walang bahid ng pekas; at ang kanyang dibdib na size thirty-four, cup C. Iyon siguro ang dahilan kaya minsan ay nasasabihan siya ng seksi kahit pakiramdam niya ay hindi naman.

Anyway, back to being a wedding cry baby.

Bisyo na niya talaga ang umiyak sa mga kasalan, kahit pa hindi naman niya kilala ang ikinakasal. Sobra kasi niyang nai-internalize ang vows na binibigkas ng mga ito. And she found the whole ceremony solemn and romantic.

Siguro nag-ugat din ang habit niyang iyon sa secret yearning niyang maikasal din balang-araw. She dreamt of meeting that one man who would love her just as she was, sweep her off her feet and who would make her head turn with his kiss. Madalas din

na ini-imagine niyang siya ang nasa harap ng altar at nakasuot ng traje de boda.

Sa madaling salita, isa siyang kaawa-awang inggitera.

Florence blew her nose discreetly. Nakaka-touch ang homily ng pari. At lalong nakakaiyak ang exchange of vows ng bride at groom.

Naramdaman ng dalaga ang pag-upo ng isang lalaki sa kanyang tabi. Pero dahil nakatungo siya ay hindi niya nakita ang mukha nito. Nakaramdam siya ng hiya. Nagpasya siyang umuwi na bago pa siya mapuna nito.

Dinampot niya ang purse at ang paper bag na pinaglagyan niya ng mga gamit kanina. Kailangan niyang dumaan sa harap ng lalaki dahil nakaharang ang tulle sa kanyang side ng pew.

“Excuse me...”

Hindi pa man siya tuluyang nakakatayo ay nahawakan na siya nito, his grip on her upper arm as tight as a vise.

“Don’t you dare make a scene!” he hissed. Naunahan siya ng takot kaya hindi siya nakapalag.

Pero teka muna, sino ba ang lalaking ito? At bakit

siya hina-harass?

“Let’s go!” Pilit siyang itinayo nito.

“Tekang sandali...”

Isang matalim na titig ang ibinigay nito sa kanya at muli, siyang natameme. Lihim na lamang siyang napaungol nang halos kaladkarin na siya nito palabas ng simbahan.

Dinala siya nito sa isang bahagi na walang tao. Noon lang siya binitiwang estranghero. And she almost lost her balance when he abruptly released her.

“Ano ba ang problema mo?” inis na sita ni Florence dito. Ito iyong lalaking nahuli niyang nakatitig sa kanya kanina.

“Kaanu-ano ka ni Ace?” mariing tanong nito.

“Si Ace? K-kaibigan ko siya.” That was half true.
“Bakit ba? Ano ba ang atraso ko sa ’yo?”

“Kaibigan mo lang si Ace? Nakita ko kayong nag-uusap kanina.”

“So? Wala namang warning sign na nagsabing masamang kausapin ang groom,” papilosopong sagot niya na sinabayan pa ng pag-arko ng kanyang kilay.

Lalong nagdilim ang mukha nito.

“Teka muna, sino ka ba? At bakit kung umasta ka’y parang galit na galit ka sa akin?” usisa niya.

“Hindi mo ako kilala?” may pagtataakang tanong nito.

“Bakit? Requirement ba na dapat kilala kita? What’s with you rich people? Ang tataas ng ere n’yo sa katawan!”

“Kapatid ko si Louvel Mercado.”

Namilog ang mga mata niya. “Kapatid mo si Lou? Ikaw si... ikaw iyong may-ari ng *Luminar*?”

Humalukipkip ito at sarkastikong ngumisi.

Hindi maintindihan ni Logan kung ano ang nakita ni Ace sa babaeng ito. She was not a raving beauty.

At hindi rin niya maintindihan kung bakit na-offend siya nang malamang hindi siya kilala nito. Every girl in town knew Logan Mercado, the multimillionaire bachelor owner of *Luminar*, the first successful gaming software company in the Philippines.

Saang lupalop ba ng Pilipinas ito galing at hindi siya kilala?

Umasim ang mukha ng dalaga at ginaya pa ang pose niya.

“Eh, ano ngayon kung ikaw ang kapatid ni Lou?”

Again, her reply was unexpected. Hindi ito impressed? Now, this was something different!

Bigla ay nagpanting ang tainga niya, from a bruised ego, maybe.

Hinawakan niya ito sa magkabilang braso. “Hindi ako makakapayag na gumawa ka ng eskandalo dito sa kasal ng kapatid ko. I may not like Ace but it doesn’t mean na hahayaan kong may manggulo sa kanila.”

“Teka, teka!” Pinalis nito ang mga kamay niya. “Hindi kita maintindihan. Bakit naman ako manggugulo? Ano ba ang akala mo sa akin?”

“Huwag ka nang magmaang-maangan! Hindi ako naniniwalang kaibigan mo lang si Ace. I saw you crying a while ago. At hindi ka iiyak kung wala kang malalim na kaugnayan sa kanya!”

Nanlaki ang mga mata ng dalaga. Bumukas-sumara ang bibig nito, pero wala siyang narinig na paliwanag. Not that he cared.

He grabbed her again by the wrist and pulled her into his car.

“T-teka, saan mo ako dadalhin?” May halong panic ang tinig nito. “Look, Mister, nagkakamali ka! W-wala akong balak manggulo!”

Parang rag doll na si Florence basta na lamang nitong ipinasok sa kotse. Mabilis itong lumigid sa driver side.

“Kahit ano’ng gawin mo, hindi mo mabubuksan ang pintong iyan,” anito na binuhay ang makina ng sasakyan.

Galit siyang humarap sa lalaki. Umuusad na ang sasakyan. Kung hindi lamang siya natatakot na baka maaksidente sila ay pinagsasampal na niya ito.

“Ano ba talaga ang atraso ko sa ’yo?” singhal niya.

“Wala kang atraso sa akin. It’s just too bad that you got involved with Ace. At nagkamali ka rin nang maglakas-loob kang pumunta sa simbahan.”

“Si Ace na naman. I told you, kaibigan ko lang siya. At wala kaming relasyon!”

Umismid ito at sandali siyang sinulyapan.

“Sabihin mo na ang gusto mong sabihin, pero hindi ako naniniwala sa ‘yo.” Isinuot nito ang earphone at may pinindot na single digit sa cellphone. Mayamaya pa’y may kausap na ito. “Gabby, it’s me. On the way na ako sa *Luminar*, ihanda mo ang chopper. Lilipad ako pa-Manila ngayon din.”

Lilipad?

Biglang nanlaki ang mga mata ni Florence.

“Dadalhin mo ako sa Manila? Hindi mo p’wedeng gawin ito!”

“Gagawin ko ang lahat mailayo ka lang sa asawa ng kapatid ko.”

“This is kidnapping! P’wede kitang kasuhan!”

“Then sue me, pagkababang-pagkababa natin ng Manila!” hamon nito.

Wala siyang maisip na puwedeng ipanlaban dito. He looked determined enough.

“Look, isang pagkakamali itong ginagawa mo! Wala nga kaming relasyon ni Ace! My God, I’ve known him only for a couple of weeks!”

He sneered. “Lumang alibi na iyan. Umisip ka naman ng iba!”

Shit! Napamura na lamang sa sarili si Florence. Hindi siya sanay makibagay sa mga ganitong tipo ng lalaki. At lalong hindi siya handa sa ganitong sitwasyon.

Lalo siyang kinabahan nang makitang papasok sila sa basement parking ng *Luminar Tower*. Pagkapatay ng binata sa makina ay kaagad siya nitong pinababa sa kotse. Inisip na niyang tumakbo palabas. Pero mabilis siyang nahawakan nito bago pa man niya maihakbang ang paa.

Nakangising tinitigan siya nito na para bang sinasabing hindi siya makakatakas dahil kaya nitong basahin kung anuman ang iniisip niya.

Damn you! she uttered secretly. Nanlaki ang mga mata niya nang umasim ang mukha nito.

Hinila siya ng binata pasakay sa private elevator. Pagdating nila sa rooftop ay nakita niya kaagad ang company helicopter, isang blue and white *Bell 206L-4*, as what Logan described it.

Isinampa siya nito sa cockpit bago ito pumasok sa chopper. Naupo ito sa pilot seat.

“I-ikaw ang magpapalipad nito?” di-makapaniwalang tanong niya.

Hinayaan muna ni Logan na mag-warm-up ang makina, umiikot na ang rotor blades sa itaas. Muli nitong sinuri kung secured na ang seat belt niya. Iniutos nitong isuot niya ang headset para makapag-usap sila. He did the same for himself.

“M-marunong ka ba talagang magpaandar nito?”

Umismid ito. “Ako ang nakaupo dito, di ba?”

“P-pero...” Parang dagundong ng tambol ang tibok ng kanyang puso.

May inangat itong lever sa tagiliran at umangat ang chopper. Napahawak siya nang mahigpit sa pinto. Next, he pushed the front lever forward. Napapikit siya nang mariin nang maramdaman ang pag-abante nila sa himpapawid.

“Relax, Sweetheart! Perfect score kaya ako sa virtual simulation!” Tumawa ito, na lalo pang nakadagdag sa kabang nararamdaman niya.

May ilang sandaling nanatili siyang nakapikit.

“Open your eyes now. Mami-miss mo ang magandang view sa ibaba,” narinig niyang sabi nito.

Nahugot niya ang hininga nang imulat ang mga mata. Nalula siya nang makitang para na lang *Lego* bricks ang mga buildings at kasinliit ng langgam

na lang ang size ng mga sasakyan. But she couldn't deny the fact that Logan was right. Napakaganda nga ng view mula sa himpapawid. At hindi rin pala nalalayo ang pakiramdam nang nakasakay sa chopper sa nakasakay sa land vehicle. And she had to admit, impressive ang piloting skills ng kasama niya.

Habang nag-co-concentrate ito sa pagpapalipad, she had time to observe him physically.

Malayo ang hitsura nito kay Louvel. Napansin niya kanina na pareho ng kulay ang mga mata ng dalawa, grayish blue. He had fair skin na mamula-mula kapag nabilad sa araw. Bumagay sa pangahang mukha nito ang short hair style na may prominenteng widow's peak. Sa hitsura ng binata, parang permanente na ang pagkakasalubong ng dalawang kilay nito.

Her eyes moved down to his lips, and she unconsciously brushed her own with her tongue. Para kasing kay sarap halikan ng mga labi nito.

As she continued her silent scrutiny, noon lang niya napansin kung gaano ka-attractive ang kanyang captor.

“Are you satisfied with the view?” anito nang hindi man lamang tumingin sa kanya.

She blushed and turned away.

True Romance - Doreen Laroya

“O-oo naman!” tugon niya at nagkuwaring abala sa tanawin sa ibaba.

3

Lihim na napangiti si Logan. Halata namang kanina pa siya pinagmamasdan ng dalaga. Ngunit imbis na makadama ng inis, nakapagtataakang naaliw pa siya sa noticeable na paghanga nito.

Hindi niya talaga ma-figure out kung ano ang nagustuhan ni Ace dito. Hindi ito pangit, pero hindi rin gaanong maganda. Walang extraordinary sa features nito.

She got nice breasts and nice skin though.

Awtomatikong napadako ang mga mata niya sa dibdib nito na bakat sa suot na sundress. And instinctively, nakadama siya ng urge para damhin sa kanyang mga palad ang kalusugan niyon.

Maybe it was what attracted Ace to this woman?

Nah! He'd seen a lot more voluptuous women before. At sa klase ng profession ng kanyang bayaw, he was sure he'd had his share of better-looking girls, too.

Maybe she was good in bed!

Hindi sinasadyang nakadama siya ng init and a

slight stirring in his loins. Napahigpit tuloy ang hawak niya sa throttle.

Wala pang isang oras ay lumapag na sila sa building na pag-aari rin niya. Pagkababa nila ng chopper ay dumerecho na sila sa elevator, pababa sa entrance ng gusali at sa naghihintay na *Hummer*.

Walang imik na sumakay ang dalaga.

“Mabait ka naman pala, at masunurin.”

Matalim ang mga matang sumulyap ito sa kanya. “Bakit? Ine-expect mo bang magtatangka pa rin akong tumakas?” She looked outside. “You’re the closest thing to a friend I have here. Mas gugustuhin ko nang sumama sa ’yo kaysa makipagsapalaran dito.”

For some reason, what she said made him feel guilty. Basta na lamang niya ito inalis sa lugar kung saan ito pamilyar. Hindi man lamang niya tinanong kung mayroon ba itong pamilyang naghihintay.

Parang ngayon niya gustong pagsisihan ang pagiging reckless niya sa pagdesisyon. But it was too late to bring her back now.

“S-saan mo ba ako dadalhin?” mataray pa ring tanong nito. But he could sense the nervousness and uncertainty in her voice.

“Don’t worry, hindi kita iiwan at pababayaang sa kung saan lang. You’ll be well taken care of.”

“At hanggang kailan mo naman ako balak ikulong?”

Sandali niya itong sinulyapan. “A month, maybe two.”

“What? At paano ang trabaho ko? Tiyak na hahanapin ako ng boss ko!”

“Ako na ang bahala doon. Ako na rin ang bahalang magpaliwanag sa pamilya mo.”

Lumamlam ang mga mata nito. “Huwag kang mag-abala. Wala kang pamilyang kakausapin. M-mag-isa lang ako.” Halos bulong na lang ang huling sinabi ng dalaga.

“Ganyan ba talaga kayong mayayaman?” He gave her a puzzled look. “Ginagawa ninyo ang gusto ninyong gawin keshodang may masaktan kayong tao. You don’t listen to reason. Para sa inyo, palaging ang opinion n’yo lang ang tama. Boses n’yo lang ang dapat marinig. Walang puwang ang views ng iba. It’s as if you own everything and everyone.”

“Hindi mo ako kilala kaya’t wala kang karapatang husgahan ako,” pahayag ni Logan sa malamig na

tinig.

“Talaga? Then what makes you different?”

Ano nga ba? Bakit hindi niya masagot ang simpleng tanong nito?

Narinig niyang bumuntong-hininga ito. “What’s that for?”

“W-wala. N-nalulungkot lang ako.”

The sad tone of her voice hit a nerve. Pinili niyang huwag na lamang itong patulan.

“Pakiusap lang, kapag natapos ang lahat ng ito, just make sure na may trabaho at bahay pa akong babalikan.” Sumandal ito at itinutok ang mga mata sa labas. And for the rest of the drive, hindi na siya kinausap nito.

Curiosity. Iyon lang ang rason ni Logan kung bakit hindi niya mapigilang titigan ang nakapikit na dalaga. Nakatulog na ito habang nasa biyahe sila. At ngayong nasa bungad na sila ng coffee farm na pag-aari ng dati niyang driver na si Tatay Julian, hindi pa rin niya ito ginigising.

Base sa hitsura nito, hindi ito katulad ng mga

socialites na madalas ma-link kay Ace. Wala ang glamour at class sa physical appearance nito. She was plain and ordinary. Hindi maikakailang matalino ito dahil kaya siyang labanan sa pagsasalita ng Ingles.

Something about her interested him. At ganoon din marahil ang naramdaman ni Ace. Sa ngayon ay hindi pa niya mabigyang pangalan ang bagay na iyon. Ngunit desidido siyang alamin at kilalanin kung sino talaga ang babaeng ito.

She stirred at unti-unting nagmulat ng mata. Nagulat pa ito nang makitang nakamasid siya rito.

“N-nasaan na ba tayo?”

“Sa coffee farm ng isang kaibigan. Narito tayo sa Amadeo.”

Her brows furrowed. “Amadeo?”

“Narito tayo sa Cavite.” Muli niyang pinaandar ang sasakyan.

Habang mabagal silang umuusad ay panay ang biling ng ulo nito, nakatingin sa kanilang dinaraan.

“P’wede bang i-off mo na lang ang air con?”

“Bakit?”

“Tbababa ko itong window,” anito na muling

pinanood ang dinaraan na nila. Parang batang aliw na aliw ito sa nakikita. He couldn't stop his grin.

She rolled down the window, and the car interior was filled with the sweet aroma of ripe coffee beans. Inilabas pa nitong bahagya ang mukha, ipinikit ang mga mata at sinamyo ang hangin.

The grin became a chuckle. And for the first time in his adult life, nakadama si Logan ng tunay na enjoyment.

Hanggang sa huminto sila sa isang bahay na yari sa kawayan.

“Narito na tayo,” aniya. Nauna pa itong bumaba ng sasakyan. Nangingiting napailing siya.

Isang matandang lalaki ang lumabas mula sa bahay at sumalubong sa kanila. “Logan!”

“Kumusta kayo, Tatay Julian?”

“Aba’y mabuti naman. Bakit hindi ka tumawag na darating ka? Naipaghanda ka man lang sana ng Nanay Citas mo ng pagkain.”

“Okay lang ho iyon. Babalik din ako ng Cebu ngayon. May... ihahabilin lang sana ako sa inyo.”

Parang noon lang napansin ni Tatay Julian ang

presence ng kasama niya. Tumingin ito sa dalaga bago ibinalik ang atensyon sa kanya.

“Sino ba ireng magandang babaeng kasama mo? Itinanan mo ba?”

Sa kanyang pagkabigla ay humagikgik ang dalaga.

“Naku, hindi po kami nagtanan. Kinidnap po niya ako,” walang gatol na sabi nito.

“Kidnap?” Bumakas ang pagtataka sa mukha ng matandang lalaki.

“Ah...” Alanganin siyang napangiti. “Mahabang kuwento po, Tatay Julian. Ang mabuti ho’y sa itaas ko na sabihin sa inyo ang lahat.”

“Aba’y mabuti pa nga. At nang makapagpahinga muna kayong dalawa.”

Nagpatiuna na itong umakyat. Nilingon niya si Florence at tinitigan nang may warning. Pasimpleng umirap lang ito at sumunod sa kanya.

Ang bahay na inakyat nila ay isang modern-style bahay-kubo. Yari iyon sa kawayan at supported ng makakapal na posteng kahoy. Isang palapag lamang

iyon ngunit kasing-taas na ng isang two-storey apartment dahil sa mataas na silong sa ibaba.

The house had a cozy and relaxing atmosphere. Malayang pumapasok ang malamig na hangin sa malalapad na bintana na may sliding shutters na yari sa capiz.

Umupo si Logan sa isang mahabang silya na yari sa kawayan. Si Florence naman ay nakiusap kung puwedeng makigamit ng banyo. Itinuro sa kanya ng matanda ang daan.

Sa totoo lang ay ginawa lang niyang rason iyon para hindi marinig ang usapan ng dalawa. Alam niya kasing hindi niya mapipigilan ang mag-comment kapag may narinig siyang hindi maganda. At ayaw niyang magmukhang bastos sa harap ng matandang lalaki.

Matapos gamitin ang banyo malapit sa kusina ay natukso siyang silipin ang likod-bahay. Lumabas siya sa maliit na verandah na kanugnog ng kusina.

Hilera ng iba't ibang puno ang tumambad sa kanya. Beyond that, there was a running creek. Sariwa ang hanging nalalanghap niya. And the dominant scent of freshly picked coffee beans made her smile. Sanay siya sa urbanisadong takbo ng buhay sa Cebu.

At ito ang unang pagkakataon na mararanasan niyang tumira sa probinsya.

Isang tikhim ang narinig niya sa kanyang likuran. Dalawang pares ng mga mata ang nakatingin sa kanya.

“Narito ka lang pala. Kanina ka pa namin hinihintay.”

“Sinilip ko lang itong likod-bahay.”

“Ang mabuti pa’y pumasok na tayo. Pauwi na ang Nanay Citas mo. Tamang-tama, para makapagmerienda muna kayo.”

She gave the old man a warm smile. Base sa sulyap nito kay Logan, nahulaan niyang alam na nito ang totoo.

Hustong pagbalik nila ng sala nang pumasok ang isang matandang babae.

“Logan, Hijo!” Yumakap ito sa binata bago bumaling sa kanya. “Ikaw ba ang kasintahan nitong lalaking ito? Kumusta ka, Hija? Ano’ng pangalan mo?” sunud-sunod na tanong ni Nanay Citas. Dahil bagong dating ay hindi pa nito alam ang totoo.

Sumulyap siya kay Logan. Hinintay niyang ito ang magpakilala sa kanya.

“Ah, Nanay Citas, p’wede po bang ipagluto n’yo kami ng ginataang halu-halo? Nami-miss ko na ho kasi ang luto ninyo.” It was meant to distract the old lady. Magtataka nga naman ito kung malalamang hindi alam ng binata ang pangalan niya.

“Ha? Sige, mabuti pa nga. Maiwan ko muna kayo, ha? Julian, bakit hindi mo muna sila ihatid sa guest room?”

“Salamat po, Nanay Citas.”

Matapos siyang ngitian ay bumaba na ito. Si Tatay Julian naman ay sinamahan sila sa isang silid sa dulo ng kaliwang pasilyo.

Nang silang dalawa na lamang ang naiwan ay hinarap siya ni Logan.

“Bakit hindi ka sumagot kanina nang tanungin ka ni Nanay Citas?”

“Bakit hindi ikaw ang sumagot?” balik niya.

“Hindi mo sinabi ang pangalan mo.”

“Bakit? Itinanong mo ba?” sarkastikong tugon niya. Tahimik siyang humiga sa kama at tumagilid patalikod dito.

“So, p’wede ko bang malaman ang name mo?”

She jeered. “Marunong ka rin naman palang magtanong nang maayos.”

“Look, your antics won’t work. Kahit ano pang pambabara ang gawin mo, I won’t change my mind. Mananatili ka dito until I decide what to do with you.”

Hindi siya umimik.

“Why don’t you just tell me your name?”

“Bakit hindi mo na lang itanong kay Ace? Naghihinala kang babae niya ako, di ba?”

“P’wede bang huwag mong sagarin ang pasensya ko? Hindi mo gugustuhing makita akong galit.”

Bigla siyang tumayo at humarap dito. “At dapat akong matakot? Hindi ka rin talaga mayabang, ano!”

His jaw tightened. Nakita rin niyang kumuyom ang kamao nito. Pero hindi siya nagpahalatang kinakabahan. She cautiously stepped back, alert in case he hit her.

“Matalino ka pero ang hina mong mag-isip. Sabihin mo na lang kung ano’ng pangalan ang gusto mong sabihin. Wala na akong pakialam!”

Padabog na muli siyang nahiga patagilid sa kama at pumikit. Masama talaga ang loob niya. At kahit

kanina pa niya ito binabara, deep inside ay natatakot siyang talaga.

Sino ba ang hindi matatakot kung bigla na lang aakusahan ng isang bagay na hindi mo naman ginawa, iaalis sa comfort zone at dadalhin sa isang lugar na walang kilala? Ni wala nga siyang pamalit sa damit na suot niya!

Pero kahit anong paliwanag ang gawin niya, sarado ang utak ng kanyang captor. Nayakap niya nang mahigpit ang isang unan. At hindi na niya napigilan pa ang pagtulo ng luha.

Padabog namang lumabas ng silid si Logan.

Marahas niyang pinahid ang luha. Sa halip na magmukmok, sinamantala niya ang pagkakataon para i-enjoy ang kanyang paligid. Binuksan niya ang shutters ng bintana.

Malawak ang lupaing pag-aari ni Tatay Julian. At malaking bahagi nito ay taniman ng kape. Naaliw siyang panoorin ang mangilan-ngilang lalaking natanaw niyang namimitas ng mga coffee berries sa hanay ng mga shrubs na umabot lamang sa six feet ang taas. Ngayon lang siya nakakita ng puno ng kape. Para palang aratiles ang mga bunga nito na nakadikit sa sanga.

May nakita siyang parang bodega na medyo malayo sa kubo. Labas-masok doon ang mga lalaking may bitbit na kaing na puno ng mga pulang bunga. Doon din nagmumula ang amoy ng giniling na kape na kanina pa niya nalalanghap.

Napabuntong-hininga siya. Kahit paano ay nabawasan nang kaunti ang sama ng kanyang loob. Mababait naman ang mag-asawang matanda at mukhang makakasundo niya. Mukha ring hindi siya maiinip sa lugar na ito.

This could turn out as an exciting experience in spite of everything.